Hindi sumasampalataya ang isa sa inyo hanggang sa ako ay maging higit na iniibig sa kanya kaysa sa magulang niya, anak niya, at mga tao sa kalahatan."}

Ayon kay Anas (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Hindi sumasampalataya ang isa sa inyo hanggang sa ako ay maging higit na iniibig sa kanya kaysa sa magulang niya, anak niya, at mga tao sa kalahatan."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpapabatid sa atin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang Muslim ay hindi nagiging lubos ang pananampalataya hanggang sa mag-una siya sa pag-ibig sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) higit sa pag-ibig sa ina niya, ama niya, lalaking anak niya, babaing anak niya, at mga tao sa kalahatan. Ang pag-ibig na ito ay humihiling ng pagtalima niya, pag-aadya niya, at pagwaksi ng pagsuway niya.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/5953